Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-05 NG OKTUBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 218-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PANGASIWAAN NG PHILIPPINE CHARITY SWEEPSTAKES OFFICE (PCSO) SA PANGUNGUNA NI G. ANSELMO SIMEON P. PINILI, TAGAPANGULO, NA MAPAGKALOOBAN NG ISANG (1) YUNIT NG AMBULANSIYA ANG SANGGUNIANG BARANGAY NG SUMAPANG MATANDA, SAKOP NG LUNGSOD NA ITO, SA PAMAMAGITAN NI PUNONG BARANGAY - IGG. FORTUNATO RAMOS AT PAGPAPAHAYAG NG BUONG PAGSUPORTA NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NI KGG. NOEL G. PINEDA AT MGA KASANGGUNI HINGGIL SA KAHILINGANG ITO.

AKDA NINA: KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA AT KGG. EMMANUEL R. SACAY
KAMAY-AKDA: BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS

SAPAGKAT, ang Dakilang Lunan ng Malolos ay may lumalaking populasyon, bunsod ng pagiging sentro ng Kalakalan at Edukasyon dito sa Lalawigan ng Bulacan;

SAPAGKAT, sa naturang kalalagayan, ang tungkulin at responsibilidad hinggil sa serbisyong pangkalusugan ay lumalawak at nangangailangan ng kaukulang pagtalima upang matugunan ang madlang pinaglilingkuran sa kanilang pangangailangan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Barangay ng Sumapang Matanda ay nagpahayag ng pagnanais at kahandaang mangalaga ng isang (1) yunit ng ambulansiya;

SAPAGKAT, lubhang dumadami ang mga kasong medikal na nangangailangan ng kagyat na tugon at lunas na maaaring maisagawa lamang sa pagkakaroon ng sasakyang handang dalhin ang mga pasyente patungo sa malapit na ospital;

SAPAGKAT, batay sa Seksyon 16 ng R.A. 7160, kilala sa taguring Local Government Code of 1991, na tungkulin ng yunit ng pamahalaang lokal na isulong ang Kagalingang Panlahat ng nasasakupan nito at kabilang dito ay ang kalusugan;

SAPAGKAT, ang Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) ay isang entidad na laging umaagapay sa mga yunit ng pamahalaang lokal para sa ikatataas ng antas ng kalalagayang panlipunan ng mga mamamayang Filipino, kaya

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Igg. Nino Carlo C. Bautista na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na magalang na hinihiling sa pangasiwaan ng Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) sa pangunguna ni G. Anselmo Simeon P. Pinili, Tagapangulo, na mapagkalooban ng isang (1) yunit ng ambulansiya ang Sangguniang Barangay ng Sumapang Matanda sa pamamagitan ni Punong Barangay - Igg. Fortunato Ramos at pagpapahayag ng buong suporta ng Sangguniang Panlungsod sa pangunguna ni Igg. Noel G. Pineda at mga Kasangguni hinggil sa kahilingang ito.

PINAGTIBAY.

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10052020